ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LI Blg. 16
Agosto 21, 2020
www.cpp.ph



EDITORYAL

# Hindi magpapagupo ang bayan sa terorismo ng estado

Si Ka Randall Echanis, 72, beteranong rebolusyonaryo at lingkod-bayan, tagapagtaguyod ng masang anakpawis, at tagapagsulong ng makatarungang kapayapaan, ay walang-awang pinahirapan at pinaslang. Pinasok ng mga pasistang berdugo ang kanyang inuupahang tirahan sa Quezon City noong madaling-araw ng Agosto 10. Siya'y iginapos, pinagsasasaksak at hinampas sa ulo. Ang tanging saksi, ang dumamay na kapitbahay, ay tuluyan ding pinatahimik.

Ano pa nga ba kundi mga pasistang hayop na alaga ng Duterteng halimaw ang nagsagawa ng krimen na ito? Sino pa ba ang magdiriwang sa pagpaslang kay Echanis kundi ang mga mapang-api at mapagsamantala na walang-sawa at walang-pagod niyang binatikos at nilabanan kasama ang masang anakpawis? May iba pa bang layunin ang karumaldumal na krimeng ito kundi ang itarak ang hilakbot sa dibdib ng taumbayan? Ano pa nga ba kundi galit, paghihimagsik, at ibayong tapang at paglaban ang tugon ng sambayanan?

Ang brutal na pagpaslang kay Echanis ay bahagi ng tumitindi at walang-habas na teroristang pagdaluhong ng estado sa ilalim ng rehimeng Duterte. Partikular na tinatarget ang kilalang mga personahe at pwersang patriyotiko at demokratiko na aktibo sa hayag na kilusang masa na pinakamasigla sa paglalantad at paglaban sa anti-mamamayang rehimeng Duterte at sa pagsusulong ng demokratikong mga pakikibakang masa.

Isang linggo lamang paglipas ng pagpaslang kay Echanis, muling umatake ang mga pasistang hayop. Pinaslang sa Bacolod City si Zara Alvarez, 39, tagapagtaguyod ng karapatang-tao at aktibo sa pagbibigay ng mga serbisyong pangkalusugan sa mga komunidad. Tulad ni Echanis, si Alvarez ay kabilang sa 600 aktibistang inakusahan ng Department of Justice na "terorista" sa kaso laban sa PKP at BHB. Noong Mayo, dinukot, tinortyur at pinahirapan din si Carlito Badion, 52, pangkalahatang-kalihim ng organisasyong Kadamay. Ilang araw bago nito, pinaslang sa Iloilo City si Jory Porquia, 58, kilalang aktibista at koordinador sa syudad ng partidong Bayan Muna.

Ang tuluy-tuloy na pasistang paninibasib laban sa mga kilalang aktibista sa kalunsuran ay isinasagawa ng mga armadong ahente ng

estado sa utos ni Duterte at ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC). Kahit walang batayang ligal, matagal nang idinadawit ng mga buhong na pasista ang mga aktibista sa armadong rebolusyonaryong kilusan. Tinatarget maging ang mga artista, kritikal na masmidya, taong-simbahan at karaniwang mamamayang kritikal kay Duterte. Ang mga target ng kanilang pagpaslang, pag-aresto, pagdukot o pagkukulong ay matagal nang pinararatangan ng AFP at PNP sa mga tarpolin at satsat sa masmidya, upang palabasing tama o makatwiran ang ginagawa nilang pagsasampa ng mga gawa-gawang kasong kriminal o kaya'y tahasang pagpaslang sa mga lider-masa at mga aktibista.

Kung walang-awat ang pasistang pagsalakay sa kalunsuran, lalo pang marahas at walang pakundangan ang panunupil ng AFP sa kanayunan, kung saan malayo sa mata ng midya at mabagal ang daloy ng impormasyon. Sa ilalim ng paghahari ni Duterte, hindi bababa sa 264 ang magsasakang pinaslang ng mga sundalo, pulis, paramilitar at mga armadong ahente ng rehimen.

Wala silang sinasantong karapatan o mga alituntunin kundi ang kapangyarihan at batas ng militar. Saanman ang masang magsasaka ay nanindigan at nagtanggol sa kanilang karapatan o lumaban para sa lupa, naroon ang mga pasista upang sila'y patahimikin at gupuin. Terorismo ng estado ang kinakaharap nila sa araw-araw.

Sinumang natutong magsalita para sa kanilang interes ay pinararatangang sumusuporta sa armadong kilusan. Ipinapataw nila ang mga kontrol ng militar sa mga komunidad, kabilang ang *curfew*, tsekpoynt, pagkontrol sa pagbili ng pagkain, pagbawal sa pagsasaka at iba pang hakbangin na sinasabing kontra sa BHB, subalit katunaya'y pahirap sa masa. Ang mga sibilyang residente ay pwersahang kinakasangkapan ng AFP sa kanilang madugo at mapanupil na gera. Ipinaparada sila sa publiko bilang mga "sumurender," pwersahang nirerekrut sa CAFGU, pinaggigiya sa mga operasyong militar, hinahakot sa mga raling papuri sa militar at iba pa.

Sa paglulunsad ng gera, wala ring sinusunod na batas ang AFP. Sa pag-upat ni Duterte, ilang mga rebolusyonaryong lider at pwersa na ang brutal na pinaslang kahit pa wala sa katayuang lumaban. Si Ka Mario Caraig, isa sa mga lider ng Partido sa Southern Tagalog, ay pinagbabaril noong Agosto 8 sa Laguna kahit siya'y natutulog. Sugatan siya at nagpapagaling noon. Noong Marso, si Ka Julius Giron, 71, isa sa pinuno ng Partido at pangunahing konsultant sa usapang pangkapayapaan, ay walang-awang pinaslang sa Baguio City, kasama ang kanyang duktor at isang kasama sa tirahan.

Taliwas din sa mga internasyunal na makataong batas ang dumadalas na paghuhulog ng AFP ng 500-libras na bomba at bulag na panganganyon sa pinaghihinalaang kampo ng BHB na nagsasapeligro sa buhay at kabuhayan ng masang magsasaka at minoryang mamamayan sa mga kanugnog na komunidad.

Lahat nang ito—mula sa pampulitikang pamamaslang sa kalunsuran hanggang sa militarisasyon sa kanayunan—ang bumubuo ng larawan ng terorismo ng estado sa ilalim ni Duterte. Sa harap ng pandemya, pinaprayoridad ni Duterte ang pagpapaigting sa terorismo ng estado. Ginagamit niya ang pinakabrutal na anyo ng pasismo sa layong balutin sa takot ang buong bayan, patahimikin ang kanilang mga protesta at sugpuin ang kanilang mga pakikibaka.

Habang lango sa kapangyarihan, mas malawak pang poder ang tinatakam ni Duterte para tuluy-tuloy na makapagkamal ng yaman mula sa pagbubulsa ng pondong pampubliko, aregluhan sa mga kontrata, suhol ng mga sindikato sa droga at iba pa. Labis-labis ang pangamba ni Duterte at ng kanyang mga alipures na matanggal sila sa

*"Hindi...," sundan sa pahina 3*

ANG Bayan

Tomo LI Blg. 16 | Agosto 21, 2020

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/prwcnewsroom

@prwc_info

cppinformationbureau@gmail.com

## Nilalaman

**Editoryal:** Hindi magpapagupo ang bayan sa terorismo ng estado 1
Ka Randy, bayani ng masang anakpawis 3
10 sundalo, patay sa Negros 3
Lider ng Partido, pinaslang sa Laguna 4
Manggagawang pangkalusugan, pinaslang 4
Paraligal ng Anakpawis, inaresto 4
Laban para mabuhay 5
Opensiba sa Negros, Bukidnon, Masbate 6
BKP sa Samar 6
Maiiksing balita 7
Malakihang pangungutang ni Duterte 8
Pagbebenta ng armas ng US 9
Julie de Lima, itinalaga ng NDFP 9
Asong ulol na 12th IB 9
2,000 Lumad, magsasaka, nagbakwit 9
Supertubo sa bakuna 10

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

"Hindi...," mula sa pahina 2

poder at mapwersang harapin ang di mabilang na kasong kriminal at paglabag sa karapatang-tao, malantad ang itinatagong yaman, at mapanagot sa lahat ng kasalanan sa bayan. Walang tigil ang mga iskema ni Duterte para manatili sa poder sa pamamagitan ng pagbabago sa konstitusyon, pagsasaayos sa resulta ng eleksyong 2022 para makaupo ang kanyang mga hihirangin, o tahasan pang pagpapataw ng paghaharing diktadura.

Ang tumitinding terorismo ng estado ay tanda ng desperasyon ng rehimeng US-Duterte na kumapit sa poder sa harap ng lumalakas at lumalawak na panawagan para sa kanyang pagbibitiw o pagpapatalsik.

Lalong sumisidhi ang determinasyon ng bayan na lumaban sa harap ng palyadong militaristang pagtugon ng rehimen sa pandemya, papalalang korapsyon at pagnanakaw, pagpapahirap at pang-aapi sa bayan.

Subalit sa halip na magupo, ibayo pang galit, determinasyong lumaban at tapang ang namumuo sa dibdib ng mamamayan. Sa halip na mapatahimik, ang taumbaya'y lalong napupukaw sa pangangailangang magsalita, magprotesta at magbangon. Sa halip na tumalikod, handa ang sambayanan na harapin ang mga kinakailangang malaking sakripisyo para labanan at gapiin ang pasistang terorismo at kamtin ang hangad na kalayaan. AB

# Ka Randall Echanis, bayani ng masang anakpawis

Binigyan ng pinakamataas na parangal ng rebolusyonaryong kilusan at mamamayan ang konsultant ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) at tagapangulo ng Anakpawis Partylist na si Randall Echanis (Ka Randy) noong Agosto 17. Nagsagawa ng karaban ang mga kaanak, kasamahan at kanyang tagasuporta mula Quezon City tungong Marikina City kung saan siya inilibing.

Brutal na pinaslang si Ka Randy at kanyang kapitbahay noong Agosto 10 sa Novaliches, Quezon City. Inilarawan ni Danilo Ramos, tagapangulo ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas, ang pagpatay sa kanya at iba pang konsultant ng NDFP bilang "pinakamasahol na pagpatay sa kapayapaan sa Pilipinas."

Susi si Ka Randy sa pagbalangkas ng burador at pinal na bersyon ng Comprehensive Agreement on Socioeconomic Reforms (CASER) sa pagitan ng NDFP at Government of the Republic of the Philippines. Bilang kasapi ng Reciprocal Working Committee for Social and Economic Reforms ng NDFP, pinangunahan ni Ka Randy ang pagbabalangkas sa mga prubisyon ng Agrarian Reform and Rural Development na seksyon ng CASER. "Ginamit niya ang kanyang masaklaw na kaalaman para itulak ang libreng pamamahagi ng lupa sa mga magsasaka bilang bahagi ng tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon," ayon sa NDFP.

Hinirang si Ka Randy ng Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid bilang isang "natatanging rebolusyonaryo na mula pagkabata hanggang sa huling hininga ay nakibaka para sa kalayaan at demokrasya." Noong kanyang kabataan, nakilala siya bilang Ka Makar sa kanayunan.

Sinaluduhan ng Partido Komunista ng Pilipinas ang kanyang mahaba at mayamang serbisyo sa masang magsasaka at makabuluhang papel sa pagsusulong ng kapayapaang nakabatay sa hustisya. Inilarawan siya ng Partido bilang isang "walang kamatayang rebolusyonaryo."

Si Ka Randy ay inilarawan ng kanyang mga nakasama bilang isang masayahin, mahinahon at mapagkumbabang lider na labis na minamahal ng mga magsasaka. "Tatang" ang tawag sa kanya ng mga nakababatang aktibista.

"Hindi namatay nang walang kabuluhan si Ka Randy. Siya ay namatay na isang minamahal na bayani at martir ng magsasaka at kilusang masa. Ang kanyang buong buhay na pakikibaka para sa lupa, hustisya at kapayapaan ay nararapat lamang na tularan," pagsasalaysay ng kanyang asawang si Erlinda sa araw ng libing. AB

## 10 sundalo, patay sa ambus sa Negros

INAMBUS NG BAGONG Hukbong Bayan (BHB)-Central Negros ang nag-ooperasyong mga tropa ng 62nd IB sa Sityo Tabago, Barangay Sandayao, Guihulngan noong Agosto 14. Hindi alam ng mga sundalo na batid ng mga Pulang mandirigma ang kanilang presensya. Paglapit nila sa kampo ng BHB, pinasabugan sila ng bomba. Sampung sundalo ang napatay at dalawa ang nasugatan.

Samantala, pinabulaanan ng BHB ang pinalaganap ng militar na engkwentro sa Sityo Maluy-a sa parehong baryo kung saan napatay diumano ang isang mandirigma. Ayon sa BHB, tinortyur at pinaslang ng mga sundalo si Requem Remasog na isang magsasaka. Mga sibilyan din ang dinakip na tatlo pa na pawang mga menor de edad.

# Ka Jethro, lider ng Partido sa Southern Tagalog

Isang lokal ng Batangas na naging pinuno ng armadong kilusan sa Southern Tagalog ang pinaslang ng Armed Forces of the Philippines noong Agosto 8. Tulog ang sugatan at wala nang kakayahang lumaban na si Mario Caraig (Ka Jethro) nang barilin siya ng mga sundalo ng 1st IB sa tinuluyan niyang bahay sa Barangay San Antonio, Kalayaan, Laguna.

Malubha siyang nasugatan sa naging engkwentro ng kanyang yunit at ng militar sa parehong lugar noong Agosto 4 kung saan napatay ang tatlo pang Pulang mandirigma. Labag sa mga internasyunal na alituntunin ng digma ang paslangin ang isang mandirigmang sugatan at walang kakayahang lumaban.

Si Ka Jethro ay isa sa mga upisyal ng Panrehiyong Komite ng Partido sa Southern Tagalog at ng Komiteng Tagapagpaganap nito. Naging lider siya ng rebolusyonaryong kilusan sa Batangas, kung saan siya naorganisa laban sa diktadurang Marcos. Sa prubinsya niya iginugol ang hindi bababa sa 27 taon ng kanyang 36-taong pagkilos sa pagpupundar ng rebolusyonaryong kilusan ng prubinsya. Mula sa pagiging kalihim at upisyal pampulitika ng isang yunit sa gawaing masa sa Batangas, naging kalihim siya ng komite ng Partido sa prubinsya noong 2017.



Sa kanyang mahabang panunungkulan, nailunsad at naipagtagumpay sa Batangas ang mga pakikibaka para sa lupa at kabuhayan ng masang anakpawis. Ang mga pakikibakang ito ay nakatuon laban sa mga burgesya-kumprador at panginoong maylupa tulad ng mga pamilyang Sy, Ayala, Roxas, Ang at Campos. Kabilang dito ang reyd sa mga armadong tauhan at ari-arian ni Henry Sy sa Nasugbu noong Enero 2017.

Pinahirapan din ng mga sundalo ang mga kaanak nina Ka Jethro, gayundin ng mga Pulang mandirigmang napaslang na sina Rey Macinas at Alex Perdeguera na bawiin ang kanilang bangkay. Inabot pa ng ilang araw bago ibigay ang mga katawan sa kanila. Hanggang ngayon ay inililihim pa rin ng mga sundalo kung saan nila inilibing si Dioscoro Cello. Tahasang paglabag ang mga kasong ito sa alituntunin ng digma.

Hindi pa rin inililitaw ng militar ang pamilyang kumupkop kay Ka Jethro. Ayon sa mga saksi, huling nakitang dinala sa presinto ng pulis ng Laguna sina Virgilio Asedillo, ang kanyang anak na si Chloe, 19, at kanyang asawang si Marknel.

Sa Ilocos Sur, isa pang mandirigmang wala na sa katayuang lumaban ang pinatay ng AFP. Binaril ng mga sundalo ng 7th ID si Pamela Ocliaso Peralta (Ka May-may) sa Barangay Suagayan, Santa Lucia noong Agosto 8. AB

## Manggagawang pangkalusugan, pinaslang sa Bacolod

BINARIL AT NAPATAY ng mga elemento ng estado sa isang mataong lugar ang manggagawang pangkalusugan na si Zara Alvarez, 39, sa Eroreco Subdivision, Barangay Mandalagan, Bacolod City noong Agosto 17.

Aktibong kasapi si Alvarez ng Negros Island Integrated Health Program, isang organisasyong nagbibigay ng serbisyo at pagsasanay medikal sa mga maralitang komunidad sa isla. Isa siyang kilalang tagapagtanggol ng karapatang-tao hindi lamang sa Negros kundi sa internasyunal na komunidad. Sa nakaraang dalawang dekada, pinagsilbihan niya ang mga magsasaka at manggagawang-bukid dito. Naging bahagi siya ng progresibong programa ng simbahang Katolika.

Kabilang sa mga kumundena sa ekstrahudisyal na pagpaslang ang upisina ng United Nations Special Rapporteur on the Situation of Human Rights Defenders, Amnesty International at Samiduon.

Isa si Alvarez sa tinangka ng rehimen na ipadeklarang terorista. Hindi ito nagtagumpay pero paulit-ulit pa rin siyang malisyosong iniugnay sa armadong kilusan. Bago nito, iligal siyang hinuli at ikinulong sa ilalim ng rehimeng Aquino III mula 2012 hanggang 2014 sa gawa-gawa kasong pagpaslang at pagnanakaw. Si Alvarez ang ika-13 tagapagtanggol sa karapatang-tao na pinaslang sa ilalim ng rehimeng Duterte.

## Paraligal ng Anakpawis, inaresto


INARESTO NG PULISYA ang paraligal ng Anakpawis Partylist na si Paolo Colabres habang binabantayan ang labi ni Randall Echanis sa isang punerarya sa Barangay Paang Bundok, La Loma, Quezon City noong Agosto 11. Sinampahan si Colabres ng kasong *obstruction of justice* at idinetine nang isang linggo sa Camp Karingal. Isang araw bago ang pang-aaresto, sapilitang kinuha ng mga pulis ang labi ni Echanis habang nakaburol ito sa Quezon Avenue.

Para pagtakpan ang pampulitikang motibo sa pamamaslang, pinalalabas ng pulisya na kaso lamang ng pagnanakaw at pagpatay ang krimen.

# Laban para mabuhay

Resulta ng matagal at mapangwasak na *lockdown* ni Rodrigo Duterte ang naitalang pinakamalalang pagbagsak ng lokal na produksyon sa unang hati ng taong 2020. Ramdam ito sa mga prubinsya sa Mindanao at Visayas na sumabay sa *lockdown* ng Luzon at Metro Manila noong Marso. Ora-orada at walang planong pinatigil ng mga lokal na gubyerno ang produksyon, transportasyon at komersyo, at iba't ibang kabuhayang pinakakakitaan ng masang anakpawis.

Ang mga manggagawa at malamanggagawang nakapanayam ng *Ang Bayan* sa Visayas at Mindanao ay kumikita ng ₱250 hanggang ₱500 kada araw. Malaking bahagi ng kanilang sahod at kita ay napupunta sa pagkain at pambayad ng kuryente at tubig. Kulang na kulang ang kanilang kinikita para mapaaral ang kanilang mga anak. Wala silang impok sakaling may magkasakit. Baon sila sa utang. Ang mga walang natanggap na ayuda ay nakaasa sa kakarampot at panakanakang remitans mula sa mga kamag-anak na nagtatrabaho sa ibang bansa.



Nang ipinataw ang mga *lockdown*, kalakhan sa kanila ang hindi nakatanggap ng kumpensasyon mula sa kanilang mga pinagtatrabahuan. Tanging ang mga dating rehistrado sa 4Ps ang nakatanggap ng ayuda mula sa estado. Sa desperasyong kumita, natulak silang pumasok sa mga trabahong walang katiyakan ang kanilang kalusugan at kaligtasan. Napilitan silang tumanggap ng mas mababa pang sahod at magtrabaho sa mas masasahol na kundisyon sa paggawa. Para abutin ang kalahati ng kinikita, sinasagad nila ang kanilang mga katawan kahit pa masapeligro ang kalusugan nila at ng kanilang pamilya.

**Bawas na kita**

Nagtatrabaho sa asukarera sa Visayas si Victor, 47 taong gulang, may asawa at anak. Kumikita siya ng ₱10,000 kada buwan para sa 8-oras na trabaho, 6 na araw kada linggo. Kahit noong wala pang pandemya, malayong hindi nakasasapat ang kinikita niya para sa pag-aaral ng tatlo niyang anak. Nang mag-*lockdown*, may trabaho pa rin si Victor pero bawas ang pagkakataon niya para sa dagdag na kita dahil nagbawas ng produksyon at ibinaba ng kumpanya ang *hazard pay*.

Pangingisda naman ang pangunahing ikinabubuhay nina Jerome at Bitao. Bago ang pandemya, kumikita si Bitao ng ₱300 kada araw sa pangingisda sa Visayas. Si Jerome naman ay panapanahong nagtatrabaho sa malalaking pangisdaan at nangunguha ng tulya, alimango at talaba sa bakawan sa Mindanao. Mula ₱400 hanggang ₱600 ang kinikita niya kada araw.

Hindi nakalista bilang benepisyaryo ng 4Ps kaya walang natanggap na ayuda si Jerome. Umaasa ang kanyang pamilya sa paminsan-minsang padala ng kamag-anak niya mula sa ibang bansa. Para kumita, alas-5 pa lamang ng umaga ay nangangalap na siya ng yamang-dagat sa bakawan. Alas-3 ng hapon na siya kumakain pag-uwi niya sa bahay.

Dahil dati nang benepisyaryo, nakatanggap ng ayudang ₱11,900 si Bitao at kanyang asawa sa nakaraang anim na buwan (abereyds na ₱1,600 kada buwan.) Kahit isama ang kanyang kita, kulang ito kahit sa pagkain pa lamang. Wala siyang dagdag na pondo para tustusan ang pag-aaral na *online, modular* o *blended* ng kanyang mga anak. Dahil dito, hindi niya ini-enrol ang dalawa niyang anak sa hayskul at dalawa pa sa elementarya.

**Kapit sa patalim**

Bumalik sa trabaho sa konstruksyon sina Arnel, Genero at Berns nang lumuwag ang mga restriksyon ng *lockdown* noong Mayo.

Si Arnel, na dating walang trabaho, ay nakuha sa isang lokal na kumpanya kung saan pumapasok siya Lunes hanggang Sabado, walong oras kada araw, para sa sahod na ₱2,500 kada linggo. Umutang siya para makabili ng motorsiklo para may masakyan. Kinuha niya ang trabaho kahit wala siyang pinirmahang kontrata. Wala siyang anumang gamit pangkaligtasan kontra Covid-19 o kahit sa mapanganib na mga trabaho tulad ng pagwi-welding.

Si Genero, sa kabilang banda, ay dati nang may trabaho sa konstruksyon bilang opereytor ng *heavy equipment*. Ibinukas ulit ang konstruksyon sa prubinsya bilang pabor sa isang multinasyunal na plantasyon ng pinya at pumasok siya kahit walang paghahandang pangkalusugan at walang katiyakang sasagutin ng kumpanya ang gastos sakaling mahawa siya ng Covid-19. Kapag may ubo o lagnat, umiinom lamang siya ng *paracetamol* o di kaya'y *antibiotic* at umaasa na gumaling siya.

Sa tatlo, pinakahirap si Berns dahil simula pa lamang ng *lockdown*, nagsara na ang kumpanyang pinagtatrabahuan niya. Hanggang ngayon, wala siyang trabaho. Nakatanggap siya ng kakarampot na ayuda bilang benepisyaryo ng 4Ps. Para punan ito, naglalako siya ng isda para makakain ang kanyang pamilya. Nagpasya siya at kanyang asawa na hindi muna papasukin ang kanilang mga anak dahil mahihirapan silang magsilbing guro sa kanila.


**Sagad sa trabaho**

Drayber ng motorela sa isang

*"Laban...," sundan sa pahina 6*

"Laban...," mula sa pahina 5

sentrong bayan sa Mindanao si Manuelito. Bago ang pandemya, kumikita siya ng abereyds na ₱500/araw o ₱12,000/buwan. Kulang ito sa tinatayang minimum na ₱24,000 na kailangan ng kanyang pamilyang may walong myembro. Dahil kulang, nangungutang si Manuelito at nagbabayad nang hanggang ₱600/linggo.



Isang beses lamang siya nakatanggap ng ayudang pinansyal (₱1,700) at pagkain mula nang mag-*lockdown*. Nang muling pinayagang bumyahe ang mga motorela, nangutang siya para malagyan ng mga plastik na harang ang kanyang motorela. Wala pa sa kalahati ng kita niya noon ang kinikita niya ngayon kada araw dahil limitado ang pinahihintulutang sumakay kada byahe.

Parehong nasa pagbebenta ang mag-asawang Gladys at Jack. Kung pagsasamahin, kumikita silang dalawa ng mahigit ₱15,000 kada buwan kapalit ng pagtatrabaho nang walong oras, anim na araw kada linggo. Pareho silang nawalan ng trabaho sa *lockdown*, at napilitang maglipat-lipat sa mga kamag-anak para mapunan ang pangangailangan sa pagkain. Ito ay kahit may natanggap silang kumpensasyong bigas mula sa pinagtatrabahuang kumpanya at ayuda. Problema nila ang transportasyon at kaligtasan papunta sa trabaho. May pinagagamit kay Gladys na *face shield* sa trabaho pero kailangang iwan ito sa tindahan kapag umuuwi siya. Kinailangan niyang bumili ng sariling *face mask* at *face shield* para sa byahe. *No work, no pay/hazard pay* ang patakaran ng pinagtatrabahuan niya.

Si Luz, 50 taong gulang, ay ilang dekada nang labandera. Kumikita siya ng abereyds na ₱6,000 kada buwan sa halos buong araw na paglalaba. Nasa ₱8,400 ang inaabot na kita kung isasama ang sahod ng kanyang asawa na nagtatrabaho bilang *caretaker* ng isang manukan. Kulang pa ito sa gastos sa pagkain nila at kanilang dalawang anak. AB

## Mga berdugong batalyon, inatake ng BHB sa Negros, Bukidnon, Masbate

MAGKAKASUNOD NA OPENSIBA ang inilunsad ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) bilang tugon sa nagpapatuloy na paghahasik ng pasistang teror ng mga batalyon ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa Negros, Bukidnon at Masbate.

Pinaputukan ng BHB-Central Negros ang pwersa ng 62nd IB sa Barangay Quintin Remo, Moises Padilla, Negros Occidental noong Agosto 14. Dalawa ang sugatan sa mga sundalo. Sa sumunod na araw, pinaputukan ng BHB ang detatsment ng CAFGU at 62nd IB sa Barangay T-Hill sa Guihulngan, Negros Oriental.

Sa Bukidnon, tatlong sundalo ng 88th IB at 8th IB ang napatay sa anim na operasyong haras at isnayp ng BHB sa Barangay Canangaan sa Cabanglasan; mga barangay ng Can-ayan at Managok, Malaybalay City; at Sityo Kipolot, Barangay Palacapao, at Barangay San Roque, Quezon noong Hunyo 22 hanggang ikatlong linggo ng Hulyo.

Isinagawa din ng BHB-Bukidnon ang dalawang aksyong-pamarusa laban sa isang mapanirang kwari at panginoong maylupa sa Valencia City. Pinaralisa ang isang *loader*, dam trak, *breeder* at *backhoe* sa Barangay Sinabwagan at isang traktor at isang *harvester* sa Barangay Sinayawan.

Sa Capiz, isa ang patay at dalawa ang sugatan sa mga tropa ng 12th IB sa Barangay Roosevelt, Tapaz noong Agosto 9 matapos tambangan ng isang yunit ng BHB-Panay.

Pinasabugan naman ng BHB-Masbate ang apat na sasakyang militar na nagkakarga ng may 50 sundalo sa hangganan ng Barangay Malinta at Usab, Masbate City. Apat ang naiulat na patay sa mga sundalo, kabilang ang dalawang upisyal.

## 22 kasapi ng Partido sa Samar, nakapagtapos ng BKP

SA KABILA NG tuluy-tuloy na operasyong militar sa isla ng Samar, 22 kasapi ng batayang organisasyon ng Partido sa baryo at komite ng Partido sa seksyon ang matagumpay na nakapagtapos ng Batayang Kurso ng Partido (BKP) noong Hunyo.

Pinangunahan ng komite sa larangan ang paghahanda para sa pag-aaral. Dahil hindi kakayanin ang konsentradong aktibidad dulot ng sitwasyong militar, napagpasyahan na gawing *staggered* o tilad-tilad ang talakayan. Ang mga sesyon ay inilulunsad dalawa hanggang tatlong beses kada linggo. Dalawa ang prinsipal na instruktor habang apat naman ang naghati-hati sa ilang bahagi ng BKP.

Ang mga pag-aaral ay tuwing ala-6 hanggang alas-9 ng gabi, upang hindi mahirapang dumalo ang mga mag-aaral. Ayon kay Ka Gary, isa sa mga instruktor at kasapi ng komiteng larangan, bahagi ang pag-aaral sa gawaing konsolidasyon sa seksyon upang makatulong sa mga estudyante sa pamumuno nila sa baryo. Sa pamamagitan din nito, nareresolba ang mga panloob na suliranin na kinakaharap ng pamunuan at gayundin, sa pagitan ng mga tagabaryo.

## HB 6864

Panukala sa Kongreso na nagbabawal sa mga pampublikong pagtitipon (protesta, karaban, pulong, porum, kasal, binyag at iba pa) liban kung mayroon itong **"permit"** mula sa gubyerno. Iinstitusyunalisa nito ang pasistang pamamalakad ng Inter-agency Task Force na pinupugaran ng mga retiradong heneral.

## ₱15 BILYON

Halagang kinurakot ng matataas na upisyal ng PhilHealth, ayon sa isang nagbitiw na upisyal nito.

Sa pagdinig sa Senado, lumalabas na maaaring umabot ng **₱154 bilyon** ang "nawala" ng ahensya dahil sa katiwalian.

## 9 na buwan

*HABA NG CLINICAL TRIAL NG MGA BAKUNA MULA JAPAN SA PILIPINAS*

Ibig sabihin, Mayo 2021 sa pinakamaaga malalaman kung may bisa ba ang mga ito.

*Pinagkunan: Department of Health*

## 7 milyon

bata at kabataang hindi papasok ngayong taon.


dahil sa kakapusan ng pondo at kakayahan para sa *blended learning*.

*Pinagkunan: Department of Education*

## 99.5%

***NG MGA NEGOSYO SA PILIPINAS AY MALILIIT AT MIDYUM***

halos kalahati ng mga ito ay nagsara dahil sa *lockdown*.



## ₱1.6 TRILYON


**pondo ng rehimeng Duterte na pwede at dapat gamitin para labanan ang pandemyang Covid-19 at pasikarin ang ekonomya.**

Bahagi nito ang ₱80 bilyong ipupuhunan sa sistemang pangkalusugan at paggamot sa mga maysakit; ₱750 bilyong ayuda para sa 21 milyong pamilya at ₱730 bilyong suporta sa mga negosyo (subsidyo sa sahod, pautang at iba pang ayuda)

*Pinagkunan: IBON Foundation, Agosto 16, 2020*

## 74% PAMPUBLIKONG PAARALAN ANG WALANG *INTERNET*

Wala ring *internet* ang 3 sa bawat 5 pamilya at 6 sa bawat 10 mag-aaral ay walang gadyet para sa *online* at *modular learning*. 30 milyon ang walang kuryente.



## 176

Bilang ng mga paaralang Lumad na ipinasara ni Rodrigo Duterte.

*Pinagkunan: Save Our Schools, Hulyo 2020*

## 1,240 tonelada

***ammonium nitrate*** na nakaimbak sa isang pantalan ang **sumabog** sa Beirut, **Lebanon** noong Agosto 4. Mahigit 170 ang namatay at 6,000 ang nasugatan 8,000 gusali ang napinsala. Sumiklab ang protesta sa lansangan laban sa kapabayaan ng gubyerno na.nagbunsod ng pagbibitiw ng maraming upisyal nito.

# Papalaking utang sa ngalan ng pandemya

Inianunsyo ng rehimeng Duterte noong Agosto 6 ang plano nitong mangutang ng karagdagang ₱3 trilyon sa susunod na taon. Gagamitin ng rehimen ang mga pautang para tapalan ang pamalagiang depisito sa badyet ng bansa. Gaya sa nagdaang mga taon, lubhang kulang ang pondo para sa mga plano nitong gastusin at nakatakdang bayarang utang.



Ang uutangin ay katumbas ng 67% ng pinaplanong ₱4.5-trilyong pambansang badyet para sa 2021. Ibig sabihin, sa bawat sampung pisong gagastusin ng reaksyunaryong gubyerno, halos pitong piso ay magmumula sa utang. Ang planong gastusin sa susunod na taon ay mas mataas nang 10% sa ₱4.1-trilyong pambansang badyet ngayong taon.

Aminado maging ang mga upisyal sa ekonomya ng rehimen na higit pang lolobo ang depisito sa badyet sa darating na mga taon lalupa't inaasahan ang pagbaba ng makukulekta nitong buwis dulot ng nagpapatuloy na mga *lockdown* sa iba't ibang bahagi ng bansa. Anila, tinatayang papalo sa ₱1.82 trilyon ang depisito sa buong 2020. Ito na ang magiging pinakamataas sa kasaysayan.

Ayon sa estadistika ng rehimen, ₱560.4 bilyon na ang depisito nito sa badyet ngayong unang hati ng taon. Mas mataas ito nang mahigit 13 beses sa naitala sa parehong panahon noong nakaraang taon. Ang pagsirit ng depisito ay pangunahing resulta ng pagbagsak ng nakulektang buwis dulot ng malawakang *lockdown* na nagpatigil sa produksyon at iba pang ekonomikong mga aktibidad. Dagdag pa rito ang malalaking insentiba sa pagbubuwis na ibinigay ng rehimen sa mga korporasyon sa panahon ng pandemya. (*Basahin ang kaugnay na artikulo sa* Ang Bayan, *Hunyo 7.*)

Kasabay ng pagbulusok ng kitang buwis, ₱2.29 trilyon na lang ang kukulektahin ng rehimen ngayong taon, mas mababa nang 28% na una nitong tinarget. Noong Hulyo, wala pa sa 32% nito ang nakulekta.

Sa laki ng kakulangan sa pondo, ₱1.7 trilyon na ang kabi-kabilang inutang ng rehimen sa tabing ng "muling pagpapasikad sa ekonomya." Higit doble ito kumpara sa nakaraang taon.

**Saan galing ang pautang?**

Ayon sa gubyerno, 75% ng uutangin ay sa anyo ng mga bono o papeles sa pangungutang, at 25% naman ay magmumula sa mga imperyalistang bangko at institusyong pampinansya.

Sa nakalipas na anim na buwan, nakapagtala ang rehimen ng ₱1.3-trilyong panloob na utang sa porma ng mga bono, at ₱226-bilyong panlabas na utang.

Para magpakitang-gilas sa mga dayuhang bangko, paulit-ulit na nagmayabang si Finance Sec. Carlos Dominguez na hindi kailanman titigil sa pagbabayad ng utang ang Pilipinas kahit pa sa harap ng pandemya. Sa unang hati ng taon, ₱547.3 bilyon na ang binayarang utang ng rehimen habang nagugutom at walang trabaho ang mamamayan. Mahigit 34% nito ay bayad sa interes.

Para mapanatili ang mataas na grado sa pangungutang at makahikayat ng bibili sa mga bono nito, lagi't laging nagkukumahog ang reaksyunaryong estado na magbayad ng utang at magpatupad sa mga neoliberal na rekomendasyon na ipinapataw ng mga nagpapautang. Ang gradong ito ay ibinibigay ng mga imperyalistang "credit rating agency" sa pangunguna ng tinaguriang Big Three na kinabibilangan ng S&P Global Ratings (S&P), Moody's at Fitch Group na pawang nakabase sa US at tinatauhan ng mga teknokrata ng World Bank. AB

**₱9.1 TRILYON**

utang ng gubyerno sa huling linggo ng Hunyo.

₱82,903

**ang utang ng bawat Pilipino.**

**₱65 bilyon**

inutang sa World Bank

**₱130 bilyon**

inutang sa Asian Development Bank

**₱37.5 bilyon**

inutang sa Asian Infrastructure Investment Bank

# Pagbebenta ng armas ng US, di apektado ng pandemya

Walang epekto ang pandemya sa pagbebenta ng US ng mga armas at gamit militar. Mula Enero hanggang Hulyo, inaprubahan nito ang 43 kontrata na halos 70% na kumpara sa benta sa buong taon ng 2019. Labinglima ang inaprubahan sa Hulyo, kabilang ang kontrata sa Pilipinas para sa iba't ibang sasakyang pandagat, mga masinggan, bomba at bala. Mula Marso 30 hanggang Mayo 28, tinatayang nasa $7.5 bilyon ang halaga ng inaprubahan nitong mga kontrata sa ibebentang mga armas.

Noong nakaraang taon, halos $70 bilyon ang kinita ng US sa pagbebenta ng mga armas, eroplano at iba pang kagamitang militar sa 28 bansa. Kabilang sa mga bumili ang Saudi Arabia na may masasahol na krimen laban sa sangkatauhan kaugunay sa pang-aatake nito sa Yemen. Sa Asia, pinakamarami ang benta ng US sa India, Taiwan at mga bansang kaagaw ng China sa South China Sea.

Para palawakin ang pagmamanupaktura at merkado ng mga armas, sunud-sunod na tinalikuran ni Pres. Donald Trump ang mga kasunduan at tratadong naglilimita sa paggamit ng mapangwasak na armas at gamit pandigma. Una na niyang ipinawalambisa ang Intermediate-range Nuclear Forces Treaty, na responsable sa pagwasak ng malaking bilang ng armas nukleyar sa mundo. Kasabay nito, inianunsyo ni Trump ang paglalaan ng $46 bilyon para sa pagpapalakas ng arsenal na nukleyar ng US sa 2021. Ang iba pang kasunduang ipinawalambisa at nakatakdang ipawalambisa ni Trump ang Open Skies Treaty, Outer Skies Treaty, New START Treaty at Missile Technology Control Regime—mga kasunduang naglilimita sa pagmamanupaktura, pagtitipon at pagsusubok ng mga armas na nukleyar at iba pang mga sandata ng maramihang paglipol.

Kasabay nito, kinansela rin ni Trump noong Enero ang patakaran na nagbabawal na magmanupaktura, mag-ipon at gumamit ng *anti-personnel landmines* na sumasabog kapag nagalaw ng biktima (*victim-activated*) labas sa peninsula ng South Korea. Labag ito sa Mine Ban Treaty na pinirmahan ng 164 bansa sa Ottawa, Canada noong 1997. AB

## 2,000 Lumad, magsasaka, pinalayas ng militar

PINALAYAS NG 88th at 8th IB ang may 2,000 Lumad at magsasaka sa 15 komunidad ng Cabanglasan, Bukidnon noong Hunyo 21. Tinatakan ng mga berdugo bilang “no man's land" ang mga komunidad matapos ang kumprontasyon at dayalogo ng mga datu sa mga sundalo at lokal na gubyerno (*Basahin ang kaugnay na artikulo sa* Ang Bayan*, Hunyo 21*).

Dalawang araw pagkatapos nito, naghulog ng 15 bomba ang militar sa lugar gamit ang mga helikopter. Labing-isang beses na kinanyon ang erya, at pinaulanan din ito ng mga bala ng kalibre 50 masinggan. Nawasak ang mga maisan at namatay ang mga alagang hayop ng mga residente. Kinatay ng mga sundalo ang mga naiwang alagang hayop sa komunidad.

Pinasuko bilang mga kasapi ng hukbong bayan ang mga residente. Isinailalim sila sa siyam na araw na treyning bilang mga paramilitar na ipantatapat sa mga Pulang mandirigma.

Noong Hulyo 31, pinagbakwit din ang mga Lumad mula sa tatlong magkakanugnog na sityo ng Mindao, Miaray at Kalakapan. Labinglimang beses ding nagpaputok ng mga kanyon malapit sa komunidad.

## Asong ulol na 12th IB

PARANG MGA ASONG ulol ang mga tropa ng 12th IB na naghasik ng teror sa Janiuay, Iloilo mula Agosto 5 hanggang ikalawang linggo ng buwan.

Ayon kay Jurie Guerrero, tagapagsalita ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Central Panay, pitong magsasaka ang binugbog ng mga sundalo sa Atimonan, Janiuay. Dalawa ang idinetine at pinaggiya sa mga operasyong kombat. Ninakaw ng mga sundalo ang gawang-bahay na desabog na mga baril ng mga magsasaka na kanilang ginagamit bilang pandepensa. Binantaan, ininteroga at inakusahan silang mga kasapi ng BHB. Winasak din ang kanilang mga taniman.

Para bigyang katwiran ang kabangisan, nag-imbento ang 12th IB ng pekeng engkwentro sa parehong lugar noong Agosto 8.

## Julie de Lima, pansamantalang pinuno ng NDFP *peace panel*

ITINALAGA NOONG Agosto 19 ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) bilang pansamantalang pinuno ng *negotiating panel* nito si Julieta de Lima bilang panghalili sa yumao nitong pinuno na si Fidel Agcaoili.

Ayon kay NDFP *chief political consultant* Jose Ma. Sison, si de Lima ang pinaka-nakatatanda sa mga tauhan nito sa labas ng bansa para ipagpatuloy ang pakikipag-ugnayan sa mga tagapamagitan sa *peace panel*.

Hindi nagmamadali ang NDFP na punan ang nabakanteng mga pusisyon ni Agcaoili, gayundin ni Randall Echanis na pinaslang noong nakaraang linggo. Ani Sison, “may panahon ang NDFP na muling buuin ang mga *working committee* bago muling magsimula ang usapang pangkapayapaan, malamang kung wala na si Duterte sa poder.”

Dating pinamunuan ni Agacaoili ang Joint Secretariat at Joint Monitoring Committee sa ilalim ng Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL).

# Supertubo sa bakuna

*Pangalawang bahagi ng tatlong-parteng serye kaugnay sa bakuna sa Covid-19 at industriya ng paggagawa ng gamot. Basahin ang unang bahagi, "Bakuna sa Covid-19 at ang ganid na Big Pharma," sa* Ang Bayan, *Agosto 7, 2020.*

Lagpas sa karaniwang tubo, kumakamal ang mga monopolyo kapitalistang kumpanyang Big Pharma ng supertubo mula sa pagtatakda ng presyo ng mga gamot na lagpas-lagpas sa gastos nito sa produksyon. Pinakanakasusuklam ang kapitalistang pagkaganid sa tubo ng mga ito kapag labis nilang itinataas ang presyo sa mga panahong limitado ang suplay at mataas ang demand (tinatawag na *price-gouging*). Pinakamalala ito sa kaso ng mga gamot at bakunang pansalba ng buhay.

Inianunsyo ng Pfizer noong Marso na hindi bababa sa $40 (₱2,000) ang dalawang-dosis na bakunang kontra Covid-19 na ibebenta nito sa US. Hanggang $37 (₱1,850) naman ang ipepresyo ng Moderna para sa kada dosis ng bakuna. Tinatayang kikita ang Moderna nang hanggang $20 bilyon sa benta nito sa US pa lamang.


Napalalaki rin ang kanilang nakakamal na tubo sa pamamagitan ng pagpapababa sa gastos sa produksyon. Malaking bahagi nito ay ang paggamit sa pondong pampubliko sa ginagawa nilang pananaliksik. Samakatwid, ang pera ng mga mamamayan ay inilalaan para pagtubuan ng malalaking kapitalista.

Noong Marso, naglaan ang gubyerno ng US ng $10 bilyon sa mga kumpanya ng gamot nang walang anumang kundisyon kung paano at gaano kabilis dapat imanupaktura ang bakuna, at kung magkano ang dapat na maging presyo nito. Kabilang sa mga nabiyayaan ang Moderna na binigyan ng $483 milyon noong Abril at ang Johnson & Johnson na tumanggap ng kalahating bilyong dolyar para gumawa ng bakuna at iba pang gamot sa Covid-19. Noong Hunyo, dagdag na pondo ang ibinigay ng rehimeng Trump sa Big Pharma sa anyo ng mga kaltas sa buwis, suportang teknikal at iba pang insentiba sa tinaguriang Operation Warp Speed. Isang dating upisyal ng GlaxoSmithKline at Moderna ang namumuno sa programang ito.

Sadyang hindi rekisito na gawing abot-kaya ng Big Pharma ang presyo ng bakuna kahit pa pinopondohan ng buwis ng mamamayang Amerikano ang mga pananaliksik. Ito ay para tiyakin ang kanilang dambuhalang kita dahil tumatanggi ang mga ito na magmanupaktura ng isang gamot kung hindi ito mapagkakakitaan ng husto. Sa UK, balak ibenta ng AstraZeneca ang inieksperimentong bakuna ng Oxford sa halagang $3-$4 (₱150-₱200) lamang sa the Netherlands, Germany, France at Italy. Pampublikong pondo rin ang ginagamit ng Oxford University, isang pampublikong paaralan, para sa pananaliksik.

Ngayon pa lamang, pinagkakakitaan na ng husto ng dambuhalang mga kumpanya sa gamot ang pandemya. Noong Marso, nanawagan ang grupong Doctors Without Borders sa mga ito na tumigil sa pagsamantala sa pandemya at gawing abot-kaya ang kanilang mga gamot.

Kinastigo ng grupo ang Gilead Sciences na nagtangkang monopolisahin ang produksyon at pagpepresyo ng *remdesivir*, isa sa mga gamot na may bisa sa mga kritikal na pasyenteng may Covid-19. Pumalpak ang gamot laban sa *hepatitis* at sipon, pero napaunlad ito kamakailan laban sa Covid-19 ng mga syentista ng University of Alabama. Pampublikong pondo ang ginamit para sa mabilis na pag-aaral nito. Dahil hawak ng Gilead Sciences ang patente, o karapatan sa pormula, hindi pwedeng imanupaktura ang gamot nang hindi nagbabayad sa kumpanya.



Ibinebenta ito ngayon ng Gilead sa halagang $3,120 (₱156,000) o $520 (₱26,000) kada dosis para sa paggagamot ng mga kritikal na pasyenteng may Covid-19. Sa mga atrasadong bansa na pinayagan ng Gilead na magmanupaktura ng *generic* na bersyon, umaabot pa rin sa $600 (₱30,000) o $100 (₱5,000) ang presyo nito kada dosis. Sa isang pag-aaral, tumaas na nang 22% ang kita ng Gilead sa panahon ng pandemya.

Kinastigo rin ng grupo ng mga duktor ang Cepeid, isang kumpanyang gumagawa ng mga *test kit*, sa sobrang pagpepresyo nito sa pinaunlad nitong *rapid test kit* (Xpert Xpress SARS-CoV-2) sa halagang $19.80/test (₱990). Kung tutuusin, $3 (₱150) lamang kada *test* ang gastos sa produksyon, kabilang ang pagmanupaktura. Tulad ng Gilead, napaunlad ng Cepeid ang *kit* gamit ang $3.7 milyong pampublikong pondo ng US.

Ginagamit ang *test kit* na ito sa makinang GeneXpert na nagpoproseso ng *specimen* mula sa ilong at lalamunan ng isang indibidwal. Karaniwang nailalabas ang resulta ng *test* sa loob ng 45 minuto. Isa ang Pilipinas sa 145 bansang bumibili sa mga *kit* na ito. Mayroong 28 laboratoryo sa bansa na nakaasa sa makinang GeneXpert.

Ayon sa grupo ng mga duktor, ang teknolohiyang ginagamit sa *test* na ito ay katulad sa ginagamit ng kumpanya sa mga *test* nito para sa tuberkulosis. AB